

Performans Ng Mga Guro Ng Filipino Sa Mga Pamantasan Ng Isla Ng Samar: Batayan Ng Planong Debelopment Sa Filipino

EDERLINA M. REBADULLA

College of Arts and Communication, University of Eastern Philippines,

University Town, Catarman,

Northern Samar 6400

Email: dearlyrebadulla@gmail.com

Abstract— Layunin: Ang pag-aaral na ito ay naglayong masuri at malaman ang performans ng mga guro ng Filipino sa mga Pamantasan ng Isla ng Samar upang makabuo ng Planong Debelopment sa Filipino.

Metodolohiya: Palarawang pananaliksik ang paraang ginamit sa paglikom at pagbibigay kahulugan sa nalikom na mga datos. Gumamit din ito ng pamamaraang debelopmental sapagkat layon ng pag-aaral na ito ay makabuo ng isang Planong Debelopmental sa Filipino batay sa mga nakalap na mga datos.

Natuklasan: Natuklasan na ang mga guro ng Filipino sa mga pamantasan ng Isla ng Samar ay mas marami ang medyo may edad na; halos lahat ay mga babae; mas marami ang may mga asawa; karamihan din ay gradwado ng Master's; marami ang may mababang buwanang kita; medyo matagal na sa serbisyo ng paguturo; ngunit hindi masyadong dumadalo sa mga seminar. Sa ebalwasyon ng mga mag-aaral natuklasan na "higit na kasiya-siya" ang masteri ng aralin, pamamahala sa klasrum, at personalidad at karakter ng mga guro ng Filipino. Batay naman sa ebalwasyon ng mga superbisor, "higit na kasiya-siya" ang intruksyon, samantalang sa riserts, ekstensyon, at ang produksyon ay "kasiya-siya" lamang. Sa mga suliraning nakaharap ng mga guro ng Filipino, natuklasan na ang salik personal ng mga guro ay "may kaunting problema" lalo na ang paggamit ng iba't ibang metodolohiya sa pagtuturo. Samantala, sa salik pang-mag-aaral ay napag-alaman na "problema" ang di-akma at di-maunlad na *study habits* at kawalan ng interes sa Filipino. Gayon din ang salik sa pagtuturo, "problema" rin ang malaking bilang ng bawat klase, kakulangan sa ng mga materyales sa pagkatuto, at ang kakulangan ng karanasan at eksposyur sa Filipino. Sa pangangailangan naman sa pagtuturo ay napag-alaman na "higit na kailangan" ang mga salik personal, salik pang-

mag-aaral at salik sa pagtuturo ng mga guro ng Filipino. **Kongklusyon:** Karamihan sa mga guro ng Filipino sa mga pamantasan ng Isla ng Samar ay medyo may edad na, mga babae, may-asawa, gradwado ng Master's, medyo matagal na pagtuturo subalit may kakulangan sa mga seminar. Nararapat lamang na patuloy na dumalo sa mga seminar, magpursige sa pag-aaral ng kanilang doktoral. Para sa mga mag-aaral, ang kanilang guro ay "higit na kasiya-siya" ang masteri ng aralin, pamamahala sa klasrum at ang personalidad at karakter, kaya masasabing may kagalingan sa pagtuturo ang mga guro ng Filipino. Para naman ng mga superbisor, ang mga guro ay "higit na kasiya-siya" sa instruksyon kaya kakikitaan sila ng kagalingan sa pagtuturo. Subalit, pagdating sa riserts, ekstensyon, at produksyon ay "kasiya-siya lamang" kaya kailangan pang linangin ang kakayahan at kasanayan ukol dito, lalo na ang makapagsulat ng mga aklat bilang kagamitang pampagtuturo. Nabanggit din ang mga problemang di-akma at di-maunlad na *study habits* at kawalan ng interes sa Filipino ng mga mag-aaral, ang malaking bilang ng bawat klase, kakulangan sa ng mga materyales sa pagkatuto, at ang kakulangan ng karanasan at eksposyur sa Filipino. na kailangan bigyang tuon ng mga guro, mga magulang, maging ang admisnistrasyon upang ang mga nabanggit na problema ay malutas. Samantala sa pangangailangan, higit na kailangan ang salik personal, salik pangmag-aaral, at ang salik sa pagtuturo upang mapaunlad pa ang kanilang performans at kagalingan sa pagtuturo para kagalingang akademiko at pagkatuto ng kanyang mga mag-aaral.

Keywords—Debelopment Plan; Ebalwasyon; Guro; Suliranin; Pangangailangan; Performans ng mga Guro

I. INTRODUKSYON

Ang kaunlaran ng isang bansa ay may malaking kaugnayan sa kalidad ng edukasyon. Dahil dito ay nararapat lamang na ang isang institusyong pang-edukasyon ay binubuo at pinapatakbo ng mga guro o edukador na magagaling at kompetitibo dahil kung wala sila, ang kagalingan ng mga-mag-aaral ay hindi magiging posible. Ang de-kalidad na edukasyon ay maiiugnay sa kalidad ng mga guro at ang huli ay produkto nang maayos at de-kalidad na pagsasanay nila. Ito ay dahil sa larangan ng edukasyon, ang mga guro ay may malaking bahaging ginagampanan sa pagpapayaman ng kaalaman ng mga mag-aaral at sa kanilang magaling na pagkatuto para sa layong paunlarin ang bansa.

Bawat guro ay naiiba ang karakter, kagalingan, talino at kakayahan. Gayunpaman, ang layunin ng bawat guro ay maging magaling sa lahat ng aspekto o maging *well-rounded* para maging isang magaling na tagapaghatid ng dunong sa mga mag-aaral. Kinakailangang taglayin niya ang mga personal at propesyonal na kagalingan upang maging epektibong guro. Ang mga propesyonal at personal na kagalingan ito ay may malaking kaugnayan sa kagalingan at kasanayan sa pagtuturo na sumasaklaw sa kagalingan sa dunong sa asignatura o kursong itinuturo, pag-unawa sa mga mag-aaral, kagalingan sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto, pag-unawa at pagsasabuhay sa mga prinsipyo at teorya ng pagtuturo at ang pangkalahatang dunong, kasanayan at kagalingan sa pagtuturo bilang isang propesyon. Naniniwala si Ramos (2007) na ang mga personal na aspekto ay may kaugnayan o korelasyon sa propesyonal na kagalingan kung kaya mahirap silang paghiwalayin sapagkat ang mga ito ay parehong maiiugnay sa kagalingan sa pagtuturo.

Ang mga guro ng/sa Filipino ay responsable sa pagpapalaganap hindi lamang ng wikang pambansa kundi gayundin sa kultura at kamalayang makabansa tungo sa pag-unlad at pagkilala sa identidad ng mga Pilipino. Ang wikang Filipino ay nagbubuklod hindi lamang sa mamamayang Pilipino kundi nagiging daan sa pagkapukaw ng kamalayang sosyal kung saan bawat isa ay may papel na ginagampanan sa pag-unlad ng bansa. Dahil dito, kung ang isang guro sa Filipino ay palagiang handang magturo, nagbibigay ng mga makabuluhang gawaing pang-mag-aaral at nagpapanatili nang malinaw na ekspektasyon sa produkto ng pagkatuto ng

mga mag-aaral at kung paano ito makakamit sa klasrum, walang dudang magiging mabilis at magaling sa pagkatuto ang mga mag-aaral. Ayon pa kay Del Rosario (2009), ang Filipino ay nagbibigay sa mga mag-aaral ng kakayahang maging pukaw ang kagalingang pang-akademiko at pambansa upang maging bahagi ng pagsulong ng bansa.

Ang pagtuturo ay isang propesyon-bokasyon na puno ng mga hamon at pagsubok. Totoong ang pagtuturo ay isang bokasyon at hindi isang birong propesyon sapagkat bukod sa pagiging guro sa loob ng klasrum, sila rin ay kinikilala bilang pangalawang magulang kaya malaking pananagutan ang nakaatang sa balikat ng bawat guro dahil sa tungkulin niyang hubugin ang buong pagkatao ng bawat mag-aaral. Ito ay nangangailangan ng masinsinan at masusing pag-aaral at pag-unawa sa mga salik na nakakaimpluwensya sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Dahil dito, ang guro ay isang napakahalagang komponent ng prosesong pang-edukasyon (Morris, 2006). Siya ay inaasahan ding may pinakamatatas na pinagkukunan ng kaalamang hindi lamang tama kundi naaayon din sa mga pagbabago at kalakaran sa edukasyon nang sa gayon ay laging napapanahon ang natutunan ng mga mag-aaral (Badayos, 2010). Ito ay may kaugnayan sa isang kaisipan na: "Hindi mo maituturo ang anumang hindi mo alam at hindi mo maibibigay ang anumang wala sa iyo". Nararapat lamang na maging maalam at mapamaraan ang isang guro sa kanyang pagtuturo nang sa gayon ay magkaroon siya ng kakayahan at kasanayan sa pagbabahagi at paglilipat ng kaalaman at karunungan sa mga mag-aaral na siyang pinakamahalagang layunin kung bakit ang mga guro ay nasa propesyon ng pagtuturo.

Pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay matukoy ang performans ng mga guro ng Filipino sa mga Pamantasan ng Isla ng Samar bilang batayan sa pagdisenyo ng isang planong development sa Filipino. Layunin ng pag-aaral na ito ang mga sumusunod: (1) malaman ang propayl ng mga kalahok ayon sa edad, kasarian, estado sibil, edukasyon, buwanang kita, haba ng karanasan sa pagtuturo ng Filipino, dami ng dinaluhang seminar o pagsasanay-worksyp; (2) malaman ang performans ng mga guro ng Filipino batay sa ebalwasyon ng: (a) mag-aaral; at (b) superbisor; (3) matukoy ang mga suliranin na nakakaapekto sa performans ng mga guro batay sa: (a) salik personal; (b) salik pang-mag-aaral; at (c) salik sa pagtuturo; (4) matukoy ang mga pangangailangan ng mga guro batay sa: (a)

salik personal; (b) salik pang-mag-aaral; at (c) salik sa pagtuturo; (5) makagawa ng naaayong planong debelopment sa Filipino batay sa mga nakalap na datos.

II. PAMAMARAAN O METODOLOHIYA

Palarawang pananaliksik ang paraang ginamit sa paglikom at pagbibigay kahulugan sa nalikom na mga datos. Gumamit din ito ng pamamaraang debelopmental sapagkat layon ng pag-aaral na ito ay makabuo ng isang Planong Debelopmental sa Filipino batay sa mga nakalap na mga datos.

Ang mga respondent sa pananaliksik na ito ay ang apatnapu at dalawang (42) mga permanente at regular na mga guro na nagtuturo ng asignaturang Filipino mula sa main at satellite kampuses sa apat na pamantasan ng Isla ng Samar. Kasama rin sa mga pinamudmuran ng mga sarbey na talatanungan ay ang mga mag-aaral na nakatala sa mga asignaturang Filipino sa unang semester ng taunang-pasukan ng 2018-2019. Binubuo ng isang libo at dalawang daan at animnapung (1260) mag-aaral, na tigtatalumpo (30) mula sa tatlong klase ng mga guro. Bawat klase ay kumuha ng tigsasampu sa pamamagitan ng pasumalang pagpili. Ang mga superbisor ay mga napili ring maging kalahok ng pag-aaral na ito. Ang kabuoang bilang ng mga superbisor sa apat na pamantasan ay dalawampu (20) sapagkat may kanya-kanyang superbisor sa mga main at satellite kampuses. May mga kampuses din na bawat kolehiyo ay may mga superbisor. Ang pamamaraang ganap na enumerasyon (complete enumeration) ang ginamit sa pagtukoy ng sampol upang lahat ng mga guro ng Filipino at mga superbisor sa nabanggit na pamantasan ay mailalahok sa pag-aaral na ito. Samantala, pasumalang pagpili (random sampling) naman ang ginamit para sa mga mag-aaral na mga kalahok din sa pag-aaral na ito.

Isang daang porsiyentong (100%) nalikom ang mga sarbey na talatanungan na ipinamudmod sa mga kalahok o respondents. Subalit, sa parte ng mga mag-aaral may mga aytem sa talatanungan na hindi nalagyan ng tsek o sagot kaya ang resulta ng pananaliksik na ito ay ibinatay lamang sa naging kasagutan ng mga kalahok o mga respondent.

Ang mga pamantasan na naging pook ng pag-aaral na ito ay ang Eastern Samar State University (ESSU), Northwest Samar State University (NorWeSSU), Samar State University (SSU) at University of Eastern Philippines (UEP).

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng sarbey na talatanungan sa pangangalap ng datos. Ang instrumento ay may apat (4) na bahagi. Ang unang bahagi ay tumukoy sa propayl ng mga kalahok batay sa kanilang edad, kasarian, estado sibil, edukasyon, buwanang kita, haba ng karanasan sa pagtuturo, dami ng dinaluhang seminars at worksyaps. Ang pangalawang bahagi ay ginamit ng mga mag-aaral sa ebalwasyon para sa kanilang guro ng Filipino na may kinalaman sa masteri ng aralin, pamamahala sa klasrum, personalidad at karakter. Ang pangatlong bahagi naman ay para din sa ebalwasyon sa mga guro ng Filipino na ginawa naman ng mga superbisor na may kaugnayan sa instruksyon, riserts, ekstensyon, at produksyon. Samantala, ang pang-apat na bahagi ay tumutukoy sa mga suliranin at pangangailangan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino na may kinalaman sa salik personal, salik pang-mag-aaral at salik sa pagtuturo na maaaring makaaapekto sa kanilang performans sa pagtuturo.

Ang mga instrumentong ginamit ay dumaaan sa balidasyon. Ginamit ang *test at retest* na metodo gamit ang Pearson Product Moment Coefficient – r . Nakita sa resulta na ang computed r value ng +0.53 at .05 level of significant na may 12 degrees of freedom. Ipinapakita na ang nasabing instrumento ay balido at mapagkakatiwalaan.

Bilang tugon sa layuning mapaunlad ang performans ng mga guro ng Filipino, bubuo ng planong debelopment na may kaugnayan sa instruksyon, riserts, ekstensyon, at produksyon na maaaring makatulong sa pagpapahusay at pagpapaunlad ng kanilang performans bilang mga guro hindi lamang sa pagtuturo sa silid-aralan kundi maging sa labas ng komunidad na kanilang kinabibilangan.

III. NATUKLASAN NG PAG-AARAL

Mula sa mga nalikom na mga datos, natuklasan na ang mga guro ng Filipino sa mga pamantasan ng Isla ng Samar ay mas marami ang medyo may edad na; halos lahat ay mga babae; mas marami ang may mga asawa; karamihan din

ay gradwado ng Master's; marami ang may mababang buwanang kita; medyo matagal na sa serbisyo ng pagtuturo; ngunit hindi masyadong dumadalo sa mga seminar. Sa ebalwasyon ng mga mag-aaral natuklasan na "higit na kasiya-siya" ang masteri ng aralin, pamamahala sa klasrum, at personalidad at karakter ng mga guro ng Filipino. Batay naman sa ebalwasyon ng mga superbisor, "higit na kasiya-siya" ang intruksyon, samantalang sa riserts, ekstensyon, at ang produksyon ay "kasiya-siya" lamang. Sa mga suliraning nakaharap ng mga guro ng Filipino, natuklasan na ang salik personal ng mga guro ay "may kaunting problema" lalo na ang paggamit ng iba't ibang metodolohiya sa pagtuturo. Samantala, sa salik pang-mag-aaral ay napag-alaman na "problema" ang di-akma at di-maunlad na *study habits* at kawalan ng interes sa Filipino. Gayon din ang salik sa pagtuturo, "problema" rin ang malaking bilang ng bawat klase, kakulangan sa ng mga materyales sa pagkatuto, at ang kakulangan ng karanasan at eksposur sa Filipino. Sa pangangailangan naman sa pagtuturo ay napag-alaman na "higit na kailangan" ang mga salik personal, salik pang-mag-aaral at salik sa pagtuturo ng mga guro ng Filipino. Batay sa mga natuklasan sap ag-aaral na ito, isang planong debelopment sa Filipino ang binuo upang makapagbigay kaalaman at makatuong sa pagpapataas at pagpapaunlad ng kalidad, kalugod-lugod o epektibong performans ng mga guro sa mga pamantasan ng Isla ng Samar.

Ang talahanayan 1 ay tumutukoy sa propayl ng mga guro ng Filipino sa mga pamantasan ng Isla ng Samar.

Edad. Makikita na magkakaiba-ibang edad ng mga guro sa Filipino. Makikita sa mga datos na ang gulang na 41 hanggang 50 ay 13 o 31.0 bahagdan; ibig sabihin nito, na karamihan sa mga guro ng Filipino ay medyo may edad na.

Kasarian. Ang babae ay mayroong 35 o 83.3 bahagdan samantalang ang lalaki ay 7 o 16.7 bahagdan lamang. Ipinapakita lamang na mas marami ang babaeng guro sa mga pamantasan ng Isla ng Samar kaysa sa mga lalaki.

Estado Sibil. Ang distribusyon ng mga datos na nakalap na may kinalaman sa estado sibil, Ang may-asawa ay 21 o 50 bahagdan; Inilalahad na karamihan ng mga guro ng Filipino ang may mga asawa.

Pinakamataas na Edukasyong Nakamit. Sa mga datos na nalikom, ang nagkamit ng Gradwado sa

Master ay 16 o 38 bahagdan; Ipanapakita na mas maraming guro ng Filipino ang nagtapos ng Master's degri. Ibig sabihin lamang nito na ang mga guro sa Filipino ay nagpupursige at patuloy na dumudukal ng kaalaman upang mapaunlad pa ang kanilang aspetong propesyonal.

Buwanang Kita. Nakahanay ang distribusyon para ipakita rito na 39 o 92.8 ang may sahod na 35,000 pababa. Napag-alaman na karamihan sa mga guro ng Filipino ay may mababang sahod. Batay ito sa Salary Standardization Rates for Philippine Government Employees as per Joint Resolution No. 4 by the Philippine Congress.

Haba ng Pagtuturo. Batay sa mga datos na nalikom, ang distribusyon tungkol sa haba ng taon na ginugol sa pagtuturo ng mga guro ng Filipino. Napag-alaman na ang 6 hanggang 15 taon ay 16 o 38.0 bahagdan; sinasabi na karamihan sa mga guro ng Filipino ay medyo matagal na sa pagtuturo.

Dami ng Nilahukang Seminar na may Kaugnayan sa Pagtuturo ng Filipino. Tungkol naman sa dami ng nilahukang seminar ng mga guro ng Filipino, inilalahad sa talahanayan na may 18 o 42.8 bahagdan para sa 1 hanggang 5 seminar. Ipinahihiwatig lamang na may kakulangan sa mga seminar-worksyap ang mga guro ng Filipino

Talahanayan 1. Propayl ng mga Guro ng Filipino sa mga Pamantasan ng Isla ng Samar

Edad			Kasarian			Estado Sibil			Edukasyon		
	f	%		f	%		f	%		f	%
61 pataas	1	2.4	Lalaki	7	16.7	Walang asawa	17	40.5	Nagkamit ng yunits sa Master	6	14.3
51 – 60	10	23.8	Babae	35	83.3	May asawa	21	50.0	Gradwado sa Master	16	38.0
41 – 50	13	31.0	***			Hiwalay sa asawa	1	2.4	Nagkamit ng yunits sa Doktoral	13	31.0
31 – 40	10	23.8				Balo	3	7.1	Gradwado sa Doktoral	7	16.7
21 – 30	8	19.0				***			***		
Kabuoan	42	100	Kabuoan	42	100	Kabuoan	42	100	Kabuoan	42	100

Buwanang Kita			Haba ng Pagtuturo ng Filipino			Dami ng Nilahukang Seminars na may Kinalaman sa Pagtuturo ng Filipino		
	f	%		f	%		f	%
P50,001 - pataas	1	2.4	26 – 35	1	2.4	21 o higit pa	4	9.5
P35,001 – 50,000	2	4.8	16 – 25	13	31.0	16 – 20	1	2.4
P35,000 - pababa	39	92.8	6 – 15	16	38.0	11 – 15	16	38.0
***			Mas mababa sa 5 taon	12	28.6	6 – 10	13	31.0
			***			1 – 5	18	42.8
Kabuoan	42	100	Kabuoan	42	100	Kabuoan	42	100

Talahanayan 2a. Performans ng mga Guro sa Filipino batay sa Ebalwasyon ng mga Mag-aaral

A. Masteri ng Aralin	\bar{X}	Interpretasyon	B. Pamamahala sa Klasrum	\bar{X}	Interpretasyon	C. Personalidad at Karakter	\bar{X}	Interpretasyon
May tiwala sa sarili sa pagtalakay ng paksa.	4.6	Lubos na kasiya-siya	Sinusunod ang silabus bilang gabay sa pagtuturo.	4.5	Higit na kasiya-siya	Sumusunod siya sa mga patakaran ng unibersidad.	4.7	Lubos na kasiya-siya
Dumarating sa klase nang may sapat na kahandaan.	4.4	Higit na kasiya-siya	Pinananatili ang disiplina sa klase	4.4	Higit na kasiya-siya	Angkop ang kasuotan sa klase	4.6	Lubos na kasiya-siya
May mga makabagong kaalaman kaugnayan ng paksa	4.4	Higit na kasiya-siya	Nagbibigay ng mga mapanghamong pagsusulit.	4.4	Higit na kasiya-siya	Tumatanggap siya ng mga ideya at opinyon.	4.5	Higit na kasiya-siya
Iniuugnay ang mga liksyon o aralin sa mga sitwasyon sa buhay.	4.4	Higit na kasiya-siya	Ipinababatid sa mga mag-aaral ang resulta ng kanilang mga pagsasanay at pagsusulit.	4.4	Higit na kasiya-siya	Sapat ang lakas ng boses upang marinig ng lahat	4.4	Higit na kasiya-siya
Hinihikayat ang mga mag-aaral na magtanong.	4.4	Higit na kasiya-siya	Sinisimulan ang klase sa takdang oras.	4.3	Higit na kasiya-siya	Nagpapakita siya ng kawilihan sa pagtuturo.	4.4	Higit na kasiya-siya
Ginagabayan ang pag-unawa ng mga mag-aaral.	4.3	Higit na kasiya-siya	Pinananatili ang interes ng mga mag-aaral.	4.3	Higit na kasiya-siya	Malinaw siyang nakikipagtalastasan	4.4	Higit na kasiya-siya
Malinaw at sapat ang mga sagot sa mga tanong ng mga mag-aaral.	4.3	Higit na kasiya-siya	Hinihikayat ang maksimum na partisipasyon ng mga mag-aaral	4.3	Higit na kasiya-siya	Mayroon siyang <i>good sense of humor</i>	4.3	Higit na kasiya-siya
Lohikalang presentasyon ng aralin.	4.2	Higit na kasiya-siya	Nagbibigay ng mga makabuluhang takdang-gawain.	4.3		Hindi siya nagpapahiya ng mga mag-aaral.	4.3	Higit na kasiya-siya
***			Sipinaaalam sa mga mag-aaral ang kanilang kalagayang pang-akademiko.	4.3		Naglalaan siya ng panahon para sa konsultasyon.	4.3	Higit na kasiya-siya
***			Ginagamit nang produktibo ang oras sa klase	4.3		Nagpapakita siya ng malasakit sa mga mabagal matuto.	4.2	Higit na kasiya-siya
***			Isinasaalang-alang ang iba't ibang abilidad o kakayahan ng mga estudyante	4.2		***		
***			Gumagamit ng mga kagamitang pampagtuturo kung kinakailangan	4.2		***		
Sub-Mean	4.4	Higit na kasiya-siya		4.3	Higit na kasiya-siya		4.4	Higit na kasiya-siya
Grand Mean							4.4	Higit na kasiya-siya

Batay sa Ebalwasyon ng mga Mag-aaral. Ang talahanayan 2a ay nagpapakita ng performans ng mga guro ng Filipino na may kinalaman sa masteri ng aralin, pamamahala sa klasrum at ang personalidad at karakter. Ang mga markang nakuha ng mga guro ay batay sa ebalwasyon ng mga mag-aaral ng Filipino mula sa apat na pamantasan ng Isla ng Samar. Sa kabuoan, ang performans ng mga guro ng Filipino batay sa ebalwasyon ng mga mag-aaral na tumutukoy sa masteri ng aralin, pamamahala sa klasrum, at personalidad at karakter, ay may Grand Mean na 4.4 “higit na kasiya-siya.” Ibig sabihin lamang nito na ang mga guro ng Filipino ay nagtataglay ng kakayahan at kagalingan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino, mahusay at may disiplina ang kanyang pamamahala sa klasrum at taglay niya ang karakter at personalidad na isang guro.

Talahanayan 2b. Performans ng mga Guro Batay sa Ebalwasyon ng Superbisor

A. Instruksyon	\bar{X}	Interpretasyon	B. Riserts	\bar{X}	Interpretasyon	C. Ekstensyon	\bar{X}	Interpretasyon	D. Produksyon	\bar{X}	Interpretasyon
Laging sumusunod sa koda ng tamang asal ng propesyonal na pananagutan (code of conduct of professional responsibility).	4.6	Lubos na kasiya-siya	Laging sumusunod sa koda ng tamang asal ng propesyonal na pananagutan (code of conduct of professional responsibility).	4.6	Lubos na kasiya-siya	Lumalahok sa mga gawaing sosyo-kultural.	3.7	Higit na kasiya-siya	Nakagawa ng mga kagamitang pampagtuturo at ginagamit na ng kolehiyo	2.8	Kasiya-siya

Nagsasagawa ng ebalwasyon at pagsubaybay (<i>follow up</i>) sa performans ng mga mag-aaral	4.6	Lubos na kasiya-siya	Nakapagbibigay payo sa mga mag-aaral na may kinalaman sa riserts.	3.7	Higit na kasiya-siya	Nakipag-ugnayan sa mga lokal na residente, barangay, NGOs at iba pang ahensya ng gobyerno.	3.5	Higit na kasiya-siya	Modyul	3.2	Kasiya-siya
Nagsusumite ng mga kinakailangang reports o dokumento ayon sa nakatakdang oras na itinala.	4.5	Higit na kasiya-siya	Nagsasagawa ng pananaliksik o <i>action research</i> na may kinalaman sa proseo ng edukasyon (<i>educative process</i>) at pagkatuto ng mga mag-aaral nang sa gayon ay maitaas pa ang antas ng kagalingan ng mga mag-aaral.	3.3	Kasiya-siya	Nakikiisa sa mga programa at proyekto at nagbibigay-tulong teknikal bilang konsultant.	3.5	Higit na kasiya-siya	Gabay sa pagtuturo	3.1	Kasiya-siya
Lumalahok sa mga pagsasanay, seminar, worksyap na magpapaibayo ng kagalingan sa pagtuturo at iba pang salik ng responsibilidad bilang guro.	4.5	Higit na kasiya-siya	May sariling risert o pananaliksik na natapos na	3.3	Kasiya-siya	Gumagawa ng mga programa batay sa pangangailangan ng komunidad.	3.1	Kasiya-siya	Aklat	2.1	May kakulangan
Nagsusumikap na tulungan ang mga tagapangasiwa ng paaralan sa pagdidisiplina sa mga mag-aaral gayundin sa implementasyon ng mga alituntunin o polisiya ng paaralan alinsunod sa mandato ng batas at mga kautusang legal o administratibo.	4.5	Higit na kasiya-siya	Ang resulta ng pananaliksik o pag-aaral ay ginagamit na ng mga <i>stakeholders</i> .	2.7	Kasiya-siya	***			Nakapagsulat at nakapagathala ng mga artikulo na may kinalaman sa proseso ng pagtuturo-pagkatuto (teaching-learning process) gayundin sa iba pang salik ng pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral.	2.7	Kasiya-siya
Lumalahok din sa mga pagsasanay nang sa gayon ay mapag-ibayo ang pagganap bilang guro gaya ng mga <i>updates</i> sa pagtuturo ng Filipino alinsunod sa mga pagbabago sa kurikulum.	4.5	Higit na kasiya-siya	***			***			***		
Regular sa atendants at laging nasa tamang oras sa pagpasok at pag-uwi galing sa paaralan.	4.4	Higit na kasiya-siya	***			***			***		

Kinakikitaan ng sigasig sa pagtuturo ng Filipino sa kabila ng ng mga kakulangan sa paaralan o sa pamantasan.	4.4	Higit na kasiya-siya	***		***		***	
Iniuugnay sa tunay na mga pangyayari ang mga mahahalagang leksiyon upang isapuso at isabuhay ng mga mag-aaral.	4.4	Higit na kasiya-siya	***		***		***	
Gumagamit ng iba't ibang metodolohiya, batayan at teknik sa pagtuturo na naayon sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral at angkop sa kaantasan ng kanilang kasanayan at kakayahan sa wika.	4.3	Higit na kasiya-siya	***		***		***	
Pleksibol sa paggamit ng iba't ibang pagdulog sa pagtuturo (<i>teaching approaches</i>) ng wika sa larangang akademiko at propesyonal.	4.3	Higit na kasiya-siya	***		***		***	
Masipag at mapamaraan sa pangangalap at paggamit ng mga kagamitang pampagkatutuo (<i>learning resources</i>) mula sa iba't ibang batayan gaya ng aklat, midya at internet.	4.3	Higit na kasiya-siya	***		***		***	
Palagiang handa at makaalaman sa pagtuturo ng iba't ibang topiko at gumagamit ng iba't ibang kagamitan (<i>multiple-resources</i>) ayon sa topikong ituturo	4.3	Higit na kasiya-siya	***		***		***	
Epektibo at episyente sa pagtugon sa mga pangangailangang pangkaalaman at	4.3	Higit na kasiya-siya	***		***		***	

pangkasanayan ng mga mag-aaral.									
Magaling at <i>well-versed</i> din sa paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo at kinikilala ang mahalagang papel ng teknolohiya sa pagtuturo sa mga mag-aaral ng makabagong panahon	4.3	Higit na kasiya-siya	***		***			***	
Sub-Mean	4.4	Higit na kasiya-siya	3.4	Kasiya-siya	3.4	Kasiya-siya	3.4	Kasiya-siya	Kasiya-siya
Grand Mean								2.7	Kasiya-siya
								2.7	Kasiya-siya

Batay sa Ebalwasyon ng mga Superbisor.

Sa talahanayan 2b inilalahad ang performans ng mga guro ng Filipino batay sa ebalwasyon ng mga superbisor sa mga pamantasan ng Isla ng Samar na may kinalaman sa instruksyon, riserts, ekstensyon, at produksyon. Sa pangkalahatan, ang performans ng mga gurong Filipino batay sa ebalwasyon ng mga superbisor sa apat na pamantasan ng Isla ng Samar ay may **grand mean** na 3.4 “kasiya-siya.” Mula sa mga datos, ipinahihiwatig lamang nito na kung instruksyon ang pag-uusapan kakikitaan ng kagalingan ang mga guro. Subalit pagdating sa riserts, ekstensyon, at produksyon ay kailangan pang linangin at pataasin ang kakayahan ng mga guro ng Filipino upang makabuo ng riserts at makagawa ng programang pang-ekstensyon na maaaring makatulong sa mga pangangailangan ng *stakeholders*. Higit sa lahat ay makapagsulat ng aklat bilang kagamitang pampagtuturo.

Talahanayan 3. Mga Suliranin ng mga Guro sa Pagtuturo ng Filipino

Salik Personal	\bar{X}	Interpretasyon	Salik Pang-mag-aaral	\bar{X}	Interpretasyon	Salik sa Pagtuturo	\bar{X}	Interpretasyon
Kahirapan sa paggamit ng wikang Filipino	4.5	May kaunting problema	Hirap sa pag unawa sa mga panuto	4.2	May kaunting problema	Kakulangan ng kaalaman sa paggawa ng OBE silabus at plano ng pagkatuto	4.0	May kaunting problema
Para sa akin, nakababagot ang pagtuturo	4.5	May kaunting problema	May negatibong ugali ukol sa mga mag-aaral	4.0	May kaunting problema	Kakulangan ng kaalaman sa paggawa ng OBE assessment gaya ng rubrics	4.0	May kaunting problema
Kakulangan ng kaalaman sa Filipino	4.3	May kaunting problema	Mababang pundasyon ng kaalaman	3.6	May kaunting problema	Di mainam na programa sa Filipino	3.8	May kaunting problema
Hirap sa pagdidisiplina sa mga mag-aaral	4.1	May kaunting problema	Di-akma at di-maunlad na study habits	3.5	Problema	Kakulangan ng mga gawaing pang-mag-aaral	3.8	May kaunting problema
Hirap sa paggamit ng iba't ibang metodolohiya sa pagtuturo	4.0	May kaunting problema	Kawalang interest sa Filipino	3.5	Problema	Kakulanagan ng karanasan at eksposyur sa Filipino	3.5	Problema
***			***			Kakulangan ng mga materayales sa pagkatuto	3.2	Problema
***			***			Malaki ang bilang ng bawat klase	3.0	Problema
Submean	4.2	May kaunting problema		3.7	May kaunting problema		3.6	May kaunting problema
Grandmean							3.8	May kaunting problema

Ang talahanayan 3 ay nagpapakita ng mga suliranin na maaaring makaapekto sa performans ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino. Sa pangkalahatan, ang suliraning kinakaharap ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino ay may grand mean na 3.8 “may kaunting problema”. Sa mga datos na nalikom, ang mga problemang salik pangmag-aaral na di-maunlad na study habits, kawalan ng interes sa Filipino; at ang salik ng pagtuturo na kakulanagan ng karanasan at eksposyur sa Filipino, at kakulangan ng mga materayales sa pagkatuto ay kailangnag bigyang tuon ng mga guro ng mga magulang, at maging ng tagapamahala upang matamo ng mga mag-aaral ang pagkatuto na magiging daan sa pagharap sa kung ano ang katotohanan sa buhay.

Salik Personal	\bar{X}	Interpretasyon	Salik Pang-mag-aaral	\bar{X}	Interpretasyon	Salik sa Pagtuturo	\bar{X}	Interpretasyon
Eksposyur sa mga makabagong metodolohiya sa pagtuturo	4.1	Higit na kailangan	Tinitiyak na napupunan ng mga guro ang mga pangangailangan ng mag-aaral	4.2	Higit na kailangan	May karanasan at eksposyur sa Filipino	4.2	Higit na kailangan
May interes sa Filipino	4.0	Higit na kailangan	Eksposyur sa Filipino	4.1	Higit na kailangan	Sapat na mga materyales sa pagkatuto(learning materials)	4.1	Higit na kailangan
May pangkalahatang kaalaman sa Filipino	4.0	Higit na kailangan	Akma at maunlad na study habits	4.1	Higit na kailangan	Kaalaman sa paggawa ng OBE silabus at plano ng pagkatuto	4.1	Higit na kailangan
Ang insentibo ng mga guro para tumagal sa propesyon	3.8	Higit na kailangan	Makatao at naayong pagtrato ng mga guro at administrasyon	4.0	Higit na kailangan	Mainam na programa sa Filipino	4.0	Higit na kailangan
***			Pagmonitor sa mga magaaral	4.0	Higit na kailangan	Kailangan ng mga gawaing pang-mag-aaral	4.0	Higit na kailangan
***			***			Kaalaman sa paggawa ng OBE assessment gaya ng rubriks	4.0	Higit na kailangan
Submean	3.9	Higit na kailangan		4.0	Higit na kailangan		4.0	Higit na kailangan
Grandmean							4.0	Higit na kailangan

Talahanayan 4. Mga Pangangailangan ng mga Guro sa Pagtuturo ng Filipino

Inilalahad sa Talahanayan 4 kung ano ang lubhang pangangailangan ng mga guro sa kanilang pagtuturo ng Filipino na may kinalaman sa mga salik personal, salik pang- mag-aaral, at salik pang-instruksiyonal.Sa kabuoan, ang pangangailangan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino ay may grand mean na 4.0 “higit na kailangan”. Ibig sabihin lamang nito na ang salik personal, salik pang-mag-aaral, at salik pang-instruksiyonal ay higit na kailangan ng mga guro ng Filipino upang magkaroon ng epektibo at epesiyenteng pagtuturo.

Planong Debelopment ng mga Guro ng Filipino sa mga Pamantasan ng Isla ng Samar

Bilang pagtugon, upang mapaunlad ang performans ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino, isang planong debelopment sa Filipino ang binuo upang makapagbibigay kaalaman at makatulong sa pagpapataas at pagpapaunlad ng kalidad, kalugod-lugod, kaakit-akit at epektibong performans ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino sa mga pamantasan ng Isla ng Samar. Kailangan ang isang planong debelopment ng mga pampublikong paaralan upang makasabay sa pagbabago at pag-unlad ang mga guro sa panahon ng globalisasyon nang matugunan ang lumalawak at lumalaking pangangailangan ng mga mag-aaral. Mula rito, ay matutulungan ang mga guro ng Filipino upang ganap na mapaunlad ang kanilang performans sa pagtuturo ng Filipino. Ang planong debelopment ay kinapalolooban ng mga direksyon at hakbang sa pagtatamo ng mga kasagutan sa mga kahinaang nabatid mula sa kasalukuyang pagsasaliksik. Ang mga susunod na pahina ay isang planong debelopment ng mga guro ng Filipino na

maaring gamitin bilang gabay ng mga pamantasan ng Isla ng Samar.

PLANONG DEBELOPMENT NG MGA GURO NG FILIPINO SA MGA PAMANTASAN NG ISLA NG SAMAR

Introduksyon

Masasabing ang de-kalidad na pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral upang maisakatuparan ang hangaring mamuhay nang matiwasay at maunlad ay maiuugnay sa kakayahan at sa kagalingan ng mga guro. Samakatuwid, dapat isaalang-alang ang higit pang angking katangian ng mga guro sa larangan ng pagtuturo lalo na sa kasalukuyan panahon.

Ang layunin ng Philippine Qualification Framework alinsunod sa CMO 46, serye ng 2012 at naaayon sa Akta Republika 7722 o ang tinatawag na Higher Education Act of 1994, ay nakatuon sa ibayong pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral upang matamo ang mga inaasahang kompetensi o bunga. Ang mga ito ay ang kognitibong pagkatuto, pagtatamo ng kasanayan at mga pagpapahalaga, higit sa lahat ang magtaglay ng degri ng pagsasarili (degree of independence) sa mga espesyalisasyong kanilang pinili. Sa puntong ito, inaasahang ang mga guro ng Filipino ay maging instrumento sa higit pang pagkatuto ng mga mag-aaral. Samakatuwid, marapat lamang na tugunan ang mga kahinaan at suliraning maaaring sagabal sa pag-agpang ng pang-instruksiyonal na paghahatid (instructional delivery) sa mga pampublikong pamantasan at kolehiyo (SUCs).

Batay sa resulta ng disertasyon at ayon sa mga rekomendasyon, ang sumusunod ay isang Planong

Debelopment para sa mga guro ng Filipino sa mga pamantasan ng Isla ng Samar. Ang mga ito ay kinapalolooban ng mga direksyon at hakbang sa pagtatamo ng mga kasagutan sa mga *gaps* o kahinaang nabatid mula sa kasalukuyang pagsasaliksik.

Mangyaring ang bawat pamantasan ay may sariling pondo at mga polisiya kung kaya ang nabuong planong debelopment ay naglakip ng mga mungkahing template o gabay na maaari namang dagdagan ng bawat pamantasan ayon sa kanilang pinaiiral na thrusts at guidelines.

PLANONG DEBELOPMENT NG MGA GURO NG FILIPINO SA MGA PAMANTASAN NG ISLA NG SAMAR 2019-2024

Bisyon: Mga guro ng Filipino na may kakayahang nakapokus sa risert, bihasa sa ekstensyon at lakas-teknolohiya na may kritikal na tungkulin sa mga kaalamang-pamamalakad at utilisasyon tungo sa pagkakamit ng isang resulta batay sa kurikulum (outcomes based curricula)

Komponent	Layunin	Pangunahing Kasagutan	Estratehiya	Inaasahang Bunga	Gawain	Panahong Gugulin	Responsible ng Tao Komite o Ahensya
A. Instruksyon	Mapapataas ang kalidad ng instruksyon ng Filipino sa pamamagitan ng pagpapatibay ng kultura ng kahusayan at kagalingan at iskolarsyip sa mga guro.	Magaling at kahanga-hangang kwalipikasyon ng mga guro sa departamento ng Filipino.	Pataasin ang kwalipikasyon ng mga guro.	100% ng mga guro ay magtatapos ng vertically articulated sa mga programa ng gradwadong pag-aaral (MA.PhD) mula sa mga respetadong institusyon	<p>a. Iskolarsyip ng mga Guro:</p> Paghahanda ng isang matrix sa departamento para sa programang iskolarsyip na tumutukoy sa bawat espesyalisasyon ng mga guro	2019-2024	Guro, Tagapangulo, Dekano, Komite ng Iskolarsyip at Pangulo.
			Palakasin ang suportang institusyonal at insentibo bilang motibasyon upang magpatuloy sa gradwadong pag-aaral.	90-100% ng mga guri sa departamento ng Filipino ay makadalo at magkaroon ng partisipasyon sa mga seminar at pagsasanay na may kaugnayan sa kanilang espesyalisasyon o pinagkadalubhasaan.			
		Higit na mataas na kalidad ng mga guro ng Filipino.	Paunlarin ang pagiging eksperto at pagpapakadalubhasa	Kahit mana lamang ang mga guro ng departamento ng Filipino ay 100% na magpatuloy sa pagiging kasapi sa mga pampropesyonal na organisasyon.	<p>(Gabay/ Template Annex "B")</p> Hikayatin ang mga guro na mag-aplay at ipagpatuloy ang pagiging kasapi	2019-2024	Guro, Tagapangulo Dekano, Pangulo

B.	Risets	Mabibigay kasangkapan sa mga guro ng Filipino sa rehiyon sa pamamagitan ng mga pananaliksik sa mga instruksiyonal na paghahatid para sa promosyon ng lingwistikong kompetensi sa Filipino at preserbasyon sa mga lehitimong katutubong literature sa Filipino	Pinalawak at pinagyamang kakayahan sa pananaliksik		Mahigit 90% ng mga guro sa Filipino ay nagtataglay ng malawak na kagalingan sa pagsasaliksik	Magkaroon ng sistemang suporta. Magtaguyod ng mga kaparaanan o patakaran a. Magpasimula ng mga for a at worksyap upang magkaroon ng kakayahan na matuto ang mga guro ng Filipino. b. Magharap ng mga mungkahing pananaliksik sa panahon ng in-house-review. c. Magharap ng mga papel pananaliksik sa mga local, pambansa at pandaigdigang risers forum. d. Magpalathala ng mga papel pananaliksik sa mga refereedat mga kinikilalang publikasyon ng mga dyornal	2019-2024	Yunit ng Risets, Departmento ng Filipino, Dekano, Pangulo
C.	Ekstensyon	Mapalawak at mapaunlad ang kakayahan ng mga guro ng Filipino tungo sa mga gawaing may kaugnayan sa debelopment at ekstensyon	Pinalawak at pinagyamang kakayahan sa pagsasagawang mga gawaing pang-ekstensyon Matatag at maunlad na ekstensyong pangkomunidad		100% ng mga guro ng Filipino magkaroon ng kaalaman, kakayahan, kasanayan pagsulat pagkondukto ng mga programang pang-ekstensyon	Capability building sa mga programang pang-ekstensyon na may makabuluhang epekto sa komunidad Mga pagsasanay para sa pagsulat at paggawa ng mga ekstensyon na programa.	Mapagtibay at maipagpatuloy ang pakikipag-ugnayan at pakikiisa sa mga kasalukuyang programang pang-ekstensyon	Yunit ng ekstensyon, Departmento ng Filipino Pangulo
D.	Produksyon	Mapaunlad ang antas ng programang instruksiyonal sa paraang inobatibo at elektronikong teknolohiyang kagamitang pampagtuturo	Higit at lalong mahuhusay na mga kagamitang pampagtuturo (IM's) gaya ng mga aklat, modyul at manwal		100% sa mga guro ng Filipino ay nakapagsulat ng IM's (aklat, modyul, manwal, hand out) teaching guide. Makapaglathala ng mga kagamitang pampagtuturo (IM's) gaya ng aklat, manwal, e-book.	Magtakda ng mga programa sa adopted barangay na may makabuluhang epekto sa komunidad Writeshop Makipag-ugnayan sa mga publikasyon ng mga aklat		Guro Instructional Materials and Development Board

V. KONGKLUSYON

Karamihan sa mga guro ng Filipino sa mga pamantasan ng Isla ng Samar ay medyo may edad na, mga babae, may-asawa, gradwado ng Master's, medyo matagal na pagtuturo subalit may kakulangan sa mga seminar. Nararapat lamang na patuloy na dumalo sa mga seminar, magpursige sa pag-aaral ng kanilang doktoral. Para sa mga mag-aaral, ang kanilang guro ay "higit na kasiya-siya" ang masteri ng aralin, pamamahala sa klasrum at ang personalidad at karakter, kaya masasabing may kagalingan sa pagtuturo ang mga guro ng Filipino. Para naman ng mga superbisor, ang mga guro ay "higit na kasiya-siya" sa instruksyon kaya masasabing sila may kagalingan sa pagtuturo. Subalit, pagdating sa riserts, ekstensyon, at produksyon ay "kasiya-siya lamang" kaya kailangan pang linangin ang kakayahan at kasanayan ukol dito, lalo na ang makapagsulat ng mga aklat bilang kagamitang pampagtuturo. Nabanggit din ang mga problemang di-akma at di-maunlad na *study habits* at kawalan ng interes sa Filipino ng mga mag-aaral, ang malaking bilang ng bawat klase, kakulangan sa ng mga materyales sa pagkatuto, at ang kakulangan ng karanasan at eksposur sa Filipino. na kailangan bigyang tuon ng mga guro, mga magulang, maging ang admistrasyon upang ang mga nabanggit na problema ay malutas. Samantala sa pangangailangan, higit na kailangan ang salik personal, salik pangmag-aaral, at ang salik sa pagtuturo upang mapaunlad pa ang kanilang performans at kagalingan sa pagtuturo para kagalingang akademiko at pagkatuto ng kanyang mga mag-aaral. Isang planong debelopment sa Filipino ang binuo upang makapagbigay kaalaman at makatuong sa pagpapataas at pagpapaunlad ng kalidad, kalugod-lugod o epektibong performans ng mga guro sa mga pamantasan ng Isla ng Samar.

VI. REKOMENDASYON

Makatutulong sa mga guro ng Filipino ng mga pamantasan ng Isla ng Samar kung maipapatupad ang mga rekomendasyon. Ang mga guro na nagtuturo ng Filipino ay kailangang magpursige sa pagkamit ng doktoral sa Filipino at dumalo sa mga seminar-worksyap na may kaugnayan sa pagtuturo ng Filipino upang mas lalo pang magkaroon ng kagalingan sa pagtuturo. Himukin ang mga guro ng Filipino na palaging maging maalam at mulat sa mga inobasyong dulot ng teknolohiya sapagkat

makatutulong ito sa pagpapahusay sa pagtuturo. Sa pagkuha ng mga guro na magtuturo ng Filipino kailangan ito ay batay sa kanyang natapos at pinagkadalubhasaan dahil ito ay naaayon sa *CHED Memorandum* tungkol sa *verticalization*. Makapagsulat at makapaglathala ng mga artikulo o riserts na may kinalaman sa *educative process at teaching learning process* at iba pang salik ng pagtuturo at pagkatuto ng ma mag-aaral. Makagawa ng modyul, kagamitang pampagtuturo o aklat na maaaring gamitin ng mga mag-aaral sa kani-kanilang paaralan. Magkaroon ng sapat na mga materyales sa pagkatuto gaya ng mga dyornal, magasin, mga bagong aklat at maging ng mga makabagong teknolohiya na gagamitin sa pagtuturo. Bigyang pansin at lutasin ang problema ng malalaking bilang ng klase na nagiging sagabal sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral. Maglaan ng pondo ang administrasyon para sa mga gawaing pang-ekstensyon nang sa gayon ay mapaunlad at mapagyaman ang kakayahan sa pagsasagawa ng mga gawaing pang-ekstensyon ng mga guro ng Filipino. Magkaroon ng sariling departamento sa Filipino para lahat ng pananagutan, problema at pangangailangan ng mga guro at mag-aaral na may kinalaman sa Filipino ay mabibigyang pokus ng departamento. Inirerekomenda rin na magkaroon pa ng follow-up na pag-aaral na may kinalaman sa performans ng mga gurong medyor at di-medyor ng Filipino na nagtuturo ng asinaturang Filipino.

Mga Tala

L. Badayos (2010). The changing landscape of Philippine higher education. *International Journal of Education* ISSN 22345-6543.

R. R. Camacho (2011). The performance of elected officials in local government units in the first district of northern samar. University of Eastern Philippines, University Town, Northern Samar. Di-Limbag na Master's Tesis.

V. D. Camposano (2005). On-campus student teaching in teacher training institutions in region VIII: inputs to teacher education program development. Philippine Normal University, Manila. Di-Limbag na Disertasyon.

Del Rosario (2007). The language teacher: english and filipino in focus. Mutya Publishing House, Inc., Quezon City.

I. C. Datu (2016). Mga salik na nakakaapekto sa pagpapatupad ng mga guro sa Filipino sa mga tuntunin ng wikang filipino sa taong 2015 ng unibersidad ng silangan. Manila. Di-limbag na Tesis.

E. M. Machete (2009). Classroom leadership, attitudes towards teaching science and other correlates of teaching competence of science teachers of department of education science high school in the national capital region. Polytechnic Philippines, Manila. Di-limbag na Disertasyon.

T. B. Maparan (2015). The modern teacher, Teachers Journal.

C. Morris (2009). Trends and innovations in language pedagogy, New York, Little Brown Company.

K. Pedrosa (2014) Pagganap at kahusayan ng mga guro sa makabagong panahon. Hango sa Academia.Press.

M. J. R Reduta (2011). Kahandaan ng mga guro sa paggamit ng makabagong teknolohiya sa pagtuturo ng filipino sa antas tersarya. Pamantasan ng Bicol, Lungsod ng Legazpi. Di-limbag na Tesis.

J. L.Tamayo (2014) ang epektibong paggamit ng multimedia sa paglinang ng pagtuturo at pagkatuto. Website: <http://www.udyong.net/teachers-corner/4759-ang-epektibong-paggamit-ng-multimedia-sa-paglinang-ng-pagtuturo-at-pagkatuto>. Petsa ng Paghalaw: 29 Abril, 2014.

R. Villavicencio (2013). Teacher performance affecting the academic performance of students. University of the Philippines